Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF EDUCATION
Region VII, Central Visayas
SCHOOLS DIVISION OF NEGROS ORIENTAL
www.depednegor.net

019.3636
06 NOV 2019
RECORDS SECTION

H 1549

November 6, 2019

**TRAVEL ORDER TO:**

**DR. RENANTE A. JUANILLO**
Division Education Program Supervisor – Filipino

**VICENTA F. JALLOREN**
T-II, Felipe Tayko Memorial School
Siaton 2 District

**DIVINE ELLIZA FAYE A. QUIO**
Grade VI Student - Felipe Tayko Memorial School
Siaton 2 District

(Through the PSDS)

---

Please be informed of your attendance to the conduct of a **Panrehiyong Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo!** on November 8, 2019 at CLMD Office, DepEd Region VII, Sudlon, Lahug, Cebu City.

Attached is the **Regional Memorandum No. 0592, s. 2019**, for reference.

Travel and other incidental expenses shall be charged to local/MOOE funds, subject to the usual accounting and auditing rules and regulations.

For your guidance and compliance.

**SENEN P. PAULIN, CESO V**
Schools Division Superintendent

Republic of the Philippines
Department of Education
CENTRAL VISAYAS REGION

**Office of the Regional Director**

NOV 0 4 2019

**REGIONAL MEMORANDUM**
**No. 0592 , s. 2019**

**PANREHIYONG PALIGSAHAN SA ISPELING: IISPEL MO!**

**Para sa mga: Tagapamanihala ng mga Paaralan**

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon VII ay magsasagawa ng Panrehiyong Paligsahan sa Ispeling na gaganapin sa Nobyembre 8, 2019, alas- 9:00 ng umaga sa Tanggapan ng Curriculum and Learning Management Division (CLMD) ng DepEd Rehiyon 7, Sudlon, Lahug, Cebu City.

2. Ang layunin ng paligsahan ay ang mga sumusunod:

   a. patuloy na maitaguyod ang paligsahang lilinang sa kakayahan ng mga mag-aaral patungo sa pagpapataas ng antas ng kalidad ng wikang Filipino;
   b. malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong ispeling ng mga salita na sumusunod sa bagong ortograpiyang pambansa, at
   c. mapalaganap ang mga napapanahong kaalaman sa wikang Filipino.

3. Ang mga kalahok sa paligsahang ito ay ang mga mag-aaral na nasa Baitang 6 mula sa labinsiyam (19) na sangay ng Rehiyong 7. Ang kinatawan ng bawat sangay ay kailangang nanalo sa pansangay na lebel ng paligsahan.

4. Inaasahang dadalo sa gawaing nabanggit ang pansangay na tagamasid o tagapag-ugnay sa Filipino, mga tagasanay at ang mga mag-aaral na kalahok sa paligsahan.

5. Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral ay dapat naaayon sa no-disruption-of-classes policy na nakasaad sa DepEd Order No.9, s. 2005 na may pamagat na Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.

6. Ang pamasahe, lugar na tutuluyan at iba pang gastusin na gugugulin ng mga dadalo na may kaugnayan sa paligsahan ay kukunin mula sa pondong lokal/MOOE na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri. (Iminumungkahi na ang bawat sangay ang mangangasiwa para sa kani-kanilang pagkain.)

7. Kalakip ng Memorandum na ito ang Pamantayan ng Paligssahan bilang patnubay.

8. Hinihiling ang madalian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**SALUSTIANO T. JIMENEZ, EdD, JD, CESO V**
Director III
Officer – in- Charge
Office of the Regional Director

STJ/CAF/MED/elo

Doña M. Gaisano St., Sudlon, Lahug, Cebu City
Telephone Nos.: (032) 231-1433, 414-7399; Email Address: region7@deped.gov.ph

Republic of the Philippines
Department of Education
CENTRAL VISAYAS REGION

**PAMANTAYAN NG PANREHIYONG PALIGSAHAN SA ISPELING: IISPEL MO!**

1. Ang paligsahan ay bukas para sa mag-aaral sa Ikaanim na Baitang (Grade 6) sa antas elementarya

2. Ang nararapat lumahok sa patimpalak ay ang mag-aaral na nagwagi sa Pansangay na Paligsahan sa Ispeling.

3. Ang kalahok ay may gabay na isang tagapayo/tagapagsanay.

4. Ang mag-aaral na kalahok sa paligsahan ay kinakailangang nakasuot ng puting t-shirt at maong na pants sa araw ng paligsahan.

6. Babasahin ng Master ang pangungusap na kinapapalooban ng salitang baybayin. Pagkatapos ng pangalawang pagbasa, ibibigay ang hudyat upang simulan ang pagsulat ng kalahok.

7. Ang puntos at bilang ng aytem ay babaybayin na gaya ng sumusunod:

| | |
|---|---|
| MADALI | – 10 aytem x 2 punto = 20 puntos |
| KATAMTAMAN | – 10 aytem x 3 puntos = 30 puntos |
| MAHIRAP | – 10 aytem x 5 puntos = 50 puntos |
| KABUOAN | = 100 puntos |

9. Ang mga mag-aaral ay bibigyan ng pitong (7) segundo upang maisulat ang kaniyang sagot.

10. Ang magkakamit ng pinakamataas na puntos ang tatanghaling Panrehiyong kampeon na kakatawan sa Pambansang Paligsahan sa Ispeling sa Nobyembre 30, 2019 na gaganapin sa Metro Manila.

11. Sa sandaling magkakaroon ng patas na puntos, may nakalaang tanong na magiging clincher.

12. Ang tie-breaker ay isasagawa batay sa sumusunod:
    - 12.1 Maglalaan ng tatlong tanong na paglalabanan ng may patas na puntos.
    - 12.2 Ang makakukuha nang mas mataas na puntos ang siyang makakukuha ng puwestong pinaglalabanan.
    - 12.3 Sa sandaling maging patas muli ang kanilang puntos , magkakaroon ng knock-out round.
    - 12.4 Ang unang makasagot sa tanong ang siyang mananalo.

13. Ang hatol ng inampalan ay pinal at hindi mababago.

Doña M. Gaisano St., Sudlon, Lahug, Cebu City
Telephone Nos.: (032) 231:1433; 414-7399; Email Address: region7@deped.gov.ph